

Pag-explore sa YouTube nang May Kumpiyansa:

Pampamilyang gabay sa mga
sinusubaybayang karanasan

Be
Internet
Awesome.

 parentzone
The experts in digital family life

National
PTA
everychild.onevoice.



JESSICA PIOTROWSKI,
PHD & DIRECTOR OF CENTER
FOR RESEARCH ON CHILDREN,
ADOLESCENTS, AND THE MEDIA

ELLEN SELKIE, MD,
MPH, PEDIATRICIAN

TALAAN NG NILALAMAN

- | | | | |
|----------|---|-----------|--|
| 3 | Ano ang sinusubaybayang karanasan? | 8 | Astig maging mabuti |
| 4 | Magsisimula Rito ang Pag-explore | 10 | Kontrolin mo ang iyong pag-scroll |
| 4 | Mga Alituntunin ng Komunidad ng YouTube | 10 | I-secure ang iyong mga lihim |
| 5 | Kapag may pag-aalinlangan, sabihin ito | 11 | Magbahagi nang may pag-iingat |
| 7 | Huwag magpalinlang sa peke | 12 | Glossary |
| 7 | Hindi masamang makakita kung minsan ng #ad | | |

LEGEND

 = Makikita sa glossary ang mga naka-highlight na salita

ANO ANG SINUSUBAYBAYANG KARANASAN?

Ang karanasan sa YouTube – na pinapamahalaan mo – ay para sa mga magulang na magpapasyang handa na ang kanilang mga anak na i-explore ang malawak na mundo ng mga video sa YouTube. Kasama sa pinapatnubayang karanasan ang **mga setting ng content** para sa mga pre-teen at mas matanda, **limitadong feature**, at feature na nakakatulong na bumuo ng mabubuting digital na gawi.


Matuto pa sa pamamagitan ng pagbisita sa youtube.com/myfamily



Magsisimula Rito ang Pag-explore

Kapag na-explore ng mga bata ang mundo ng online na video, puwede silang mabigyang-kakayahang i-explore ang kanilang mga interes, matuto mula sa iba't ibang pananaw, at magkaroon ng sense of belonging. At sa pamamagitan ng mga video mula sa mga creator sa buong mundo – mula sa mga DIY na tutorial at musika, hanggang sa pag-aaral, gaming, mga palabas, at higit pa - maraming puwedeng panoorin. Para matulungan ang iyong anak na makuha ang lahat ng benepisyong iniaalok ng online na mundo, may mahalagang tungkuling gagampanan ang mga magulang sa pagtulong sa mga bata na alamin ang mga panuntunan - at kung saan pupunta kung kailangan nila ng tulong.

Habang lumalaki ang mga bata, lumalawak ang kanilang mga interes. Kailangan nilang magsarili at maghanap ng mga bagong paraan para matuto at gumawa. At puwedeng maging dahilan ng pagkabalisa para sa mga magulang ang pangangailangang iyon na unti-unting magsarili sa digital na mundo. Kaya naman, gusto naming makatulong sa mga magulang at tagapangalaga na tulungan ang kanilang mga anak na buuin ang mga kasanayang kinakailangan para mag-navigate nang ligtas at may kumpiyansa sa YouTube sa pamamagitan ng sinusubaybayang karanasan. Nakipagtulungan kami sa aming mga kaibigan sa PTA, sa Parent Zone, at sa Net Safety collaborative para gawin ang gabay na ito para i-review mo kasama ang iyong mga anak bago sila bigyan ng access sa YouTube sa pinapatnubayang account. Gamitin ito bilang pagmumulan para matulungan ang iyong anak na alamin kung paano mag-browse at manood ng video content nang responsable, pero tandaang makipag-usap sa kanya at panatilihin tuluy-tuloy ang pag-uusap.



Mga Alituntunin ng Komunidad ng YouTube: Paano namin pinoprotektahan ang aming komunidad laban sa mapaminsalang content

Para maprotektahan ang aming komunidad, itinakda ng aming [Mga Alituntunin ng Komunidad](#) kung ano ang pinapayagan at hindi pinapayagan sa YouTube sa pangkalahatan (hindi lang sa mga pinapatnubayang karanasan). Nalalapat ang mga ito sa lahat ng uri ng content sa aming platform, kabilang ang mga video, link, at **thumbnail**. At sinasaklaw ng mga ito ang mga bagay tulad ng spam at mapanlinlang na content, kaligtasan ng bata, poot at panliligalig, marahas at mapanganib na content, at higit pa. Mag-click dito para matuto pa tungkol sa [kung paano gumagana ang YouTube](#).

Sa YouTube, nakikipagtulungan ang aming mga **machine learning** system sa mga taong tagasuri para ma-detect at alisin ang mapaminsalang content, pero nagkakamali ang mga ito at may ilang lalabas na hindi naaangkop na content. Kung makakita ka ng content na sa palagay mo ay lumalabag sa Mga Alituntunin ng Komunidad, gamitin ang feature na **pag-uulat** sa menu na tatlong tuldok sa ibaba ng video para isumite ito para sa pagsusuri ng aming mga moderator sa YouTube. Mas mapapahusay nito ang YouTube para sa lahat.



Kapag may pag-aalinlangan, pag-usapan ito

Kung magpapasya kang handa nang i-explore ng iyong anak ang mundo ng content sa YouTube sa pamamagitan ng sinusubaybayang karanasan, narito ang ilang ideya para sa mga alituntunin sa kaligtasan na dapat talakayin sa anak mo bago siya magsimula.


Alam naming may iba't ibang istilo ng pagiging magulang ang bawat magulang, at natatangi ang bawat bata at naaabot nila ang iba't ibang yugto ng paglaki sa iba't ibang panahon. Kaya naman, may kakayahan kang pumili sa 3 magkakaibang setting ng content kapag nagse-set up ng pinapatnubayang karanasan para sa iyong anak: Mag-explore, Mag-explore Pa, at Karamihan sa YouTube.

Sa pangkalahatan, naaayon ang mga setting na ito sa mga content rating batay sa edad at unti-unti nitong pinapalawak ang access sa mga video sa YouTube sa mas maraming paksa at genre, tulad ng mga vlog, tutorial, video ng gaming, music video, balita, pang-edukasyong content, DIY, arts and crafts, at marami pang iba. Nagbibigay din ang mga ito ng access sa mga video na mayroong mas mature na diskarte sa mga tema tulad ng pakikipagtalik, sekswal na pagkakakilanlan at pagkakakilanlan ng kasarian, karahasan o mga sensitibong paksa tulad ng body image, kalusugan ng pag-iisip o mga kuwento ng paggaling mula sa pananakit sa sarili. At dagdag ang mga ito sa aming Mga Alituntunin ng Komunidad para sa YouTube sa pangkalahatan.


Bagama't pinagsisikapan naming gumawa ng mga naaangkop na karanasan, hindi perpekto ang aming mga system at magkakamali ang mga ito. Sa paglipas ng panahon, posibleng makakita sila ng mga video na posibleng hindi naaangkop o nakakadismaya kaya – piliin mo man ang Mag-explore, Mag-explore Pa, o Karamihan sa YouTube – magandang ideya na magkaroon ng mga regular na pagsusuri sa mga uri ng mga video na pinapanood ng iyong anak at kung ano ang palagay niya tungkol sa mga ito.

MGA TIP AT TOOL NA IBABAHAGI:


- Magkaroon ng pampamilyang talakayan tungkol sa mga panuntunan at inaasahan sa content ng video - pag-isipang gumawa ng pampamilyang kontrata sa media tungkol sa kung kailan at kung saan puwedeng manood ng YouTube ang iyong anak.
- Ilarawan nang malinaw kung anong uri ng content ang hindi niya dapat panoorin habang nasa YouTube at gumawa ng plano ng pagkilos - tulad ng pag-skip, pag-dismiss, at pakikipag-usap sa iyo - kung may makita siyang ganitong uri ng content.
- Tulungan ang iyong mga anak na kung maramdaman nila dahil sa isang video na hindi sila kumportable, ligtas, o tiyak, may mga hakbang na puwede nilang gawin para maunawaan at matugunan ang mga pakiramdam na iyon. Imungkahi na makipag-usap sila sa iyo o sa ibang taong pinagkakatiwalaan nila, tulad ng kaibigan, nakatatandang kapatid, coach, atbp., dahil mas mabuti iyon kaysa sa sarilinin nila ito.



**Turuan ang iyong anak
na ihinto ang pagkalat
ng masasamang video sa
pamamagitan ng hindi
pagpasa ng mga ito sa
ibang tao.**



Huwag magpalinlang sa peke



Mga panel ng impormasyon

Hindi masama kung minsan makakita ng #ad


- Puwede mong itanong sa iyong anak: “Nakaramdam ka na ba ng takot, pagkalito, pagod, o pagkalumbay sa iyong panonood ng mga video? Kung oo, naisip mo na bang gumawa muna ng ibang bagay? Ano ang ginagawa mo para bumuti ang iyong pakiramdam? Paano ako makakatulong? Anong mga video ang nagpapasaya, nagpapasabik, o nagpapasigla sa iyo? Gusto ko ring malaman ang tungkol sa mga iyon.”

Mahalagang maunawaan ng mga bata na hindi palaging tunay ang mga tao at sitwasyon sa mga video. Mahalagang kasanayan na matutunan ng mga bata ang pagtukoy kung ano ang totoo at kung ano ang peke online kapag nanonood ng mga video online at gumugugol ng oras sa internet.

MGA TIP AT TOOL NA IBABAHAGI:

- Hikayatin ang iyong anak na gumamit ng mapanuring pag-iisip kapag nanonood ng mga video at sundin ang kanyang kutob. Kung may bagay na masyadong maganda para maging totoo o masyadong kakaiba para maging totoo, malamang ay hindi nga ito totoo.
- Turuan ang iyong anak na maghanap ng mga mapagkakatiwalaang source na puwede niyang pagkatiwalaan kapag inalam ang tungkol sa mga kasalukuyang event, makasaysayang tao, o iba pang sikat na paksa. Posibleng may makita siyang panel sa ilalim ng video na may impormasyon mula sa mga mapagkakatiwalaang source na nagbibigay ng higit pang konteksto sa ilang partikular na video at resulta ng paghahanap.
- Makipag-usap sa iyong anak tungkol sa pag-iingat sa mga kahina-hinalang URL, logo, pangalan, o hindi kapani-paniwalang pamagat - kung minsan ay tinatawag na **'clickbait'**.
- Kung may makita siyang bagay na parang mali o hindi tumutugma sa iba pang source na pinagkakatiwalaan niya, hikayatin siyang palaging makipagtalakayan sa magulang o sa nasa hustong gulang.
- Kung nagtatampok ang isang video ng stunt, prank, o hamon na mukhang mapanganib, tandaang kadalasan ay ginagawa ang mga video na ito ng mga propesyonal na pangkat na nakatuon sa pagtiyak na ligtas na kinukuha ang video. Ang mga video na ito ay nangangailangan ng maraming espesyalista at maraming kuha pati na rin ng pag-edit. Mahabang paraan iyon ng pagsasabing, “Huwag itong subukan sa bahay” — posibleng napakapanganib nito.

Ang pagiging Creator sa YouTube ay puwedeng full time na trabaho at maraming sikat na channel ang may mga pangkat ng mga taong sumusuporta sa pag-develop at paggawa ng mga video ng mga ito. Ang mga sponsorship, advertisement, at pakikipagsosyo ay ilan sa mga paraan para suportahan ng mga creator ang kanilang sarili kapag gumawa sila ng magandang content sa YouTube. Mahalagang maunawaan ng mga bata na posibleng makatanggap ang mga creator ng mga produkto o serbisyo kapalit ng promosyon, at



matutunan ng mga bata na tukuyin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga video na may mga binabayaranang placement ng produkto at pag-endorso at mga wala na wala ng mga ito. Makikita ang malinaw na paghahayag sa anumang content na naglalaman ng [mga may bayad na promosyon](#).

MGA TIP AT TOOL NA IBABAHAGI:

- Makipag-usap sa iyong mga anak tungkol sa may bayad na promosyon sa mga video at turuan silang tukuyin ang indicator ng may bayad na promosyon sa mga video. Panoorin [ang maikling video na ito](#) at hilingin sa anak mo na sabihin sa iyo kung paano niya matutukoy kung naglalaman ng may bayad na promosyon ang content na pinapanood niya.
- Talakayin ang mga paboritong Creator ng iyong anak at ipaliwanag na marami sa Mga Creator na ito ang gumagawa ng content para sa YouTube bilang kanilang full-time na trabaho, at pinapatakbo nila ang kanilang channel bilang negosyo. Nangangahulugan itong nakikipagtulungan sila sa iba pang negosyo at partner para pondohan ang kanilang channel.
- Maghanap ng mga kataga tulad ng “na-sponsor ni/ng,” “nakipag-partner kay/sa,” o #ad na puwede ring mangahulugan na binayaran ng isang kumpanya ang isang creator na itampok ang produkto nito para i-promote ito sa iyo.




Astig maging mabuti


Puwedeng maging kapana-panabik ang mga online na video at puwedeng kumalat nang mabilis ang mga mensahe ng mga ito. Puwede itong maging mahusay na paraan para matuto ang mga bata ng bagong paboritong sayaw o tungkol sa isang mahalagang adhikain. Gayunpaman, puwedeng ganoon din kabilis kumalat ang mga negatibong mensahe. Hikayatin ang mga bata na isipin kung tinatrato ng mga tao sa mga video na pinapanood nila ang ibang tao sa paraang gusto nilang tratuhin sila. Kung hindi, pag-usapan kung bakit pinili nilang panoorin ang content.

MGA TIP AT TOOL NA IBABAHAGI:

- Turuan ang iyong anak na ihinto ang pagkalat ng masasamang video sa pamamagitan ng hindi pagpasa ng mga ito sa ibang tao.
- Ipaliwanag kung paano [mag-ulat ng mga video](#) na mapoot, naglalaman ng panliligalig, o hindi naaangkop. Puwede ka ring **mag-dismiss** ng mga video at channel sa pamamagitan ng pag-click sa “Hindi Interesado” sa menu na tatlong tuldok sa ibaba ng video. Titiyakin nitong hindi na ulit irerekomenda sa iyo ang mga ito.
- Ipaalam sa iyong anak na kung may Mga Creator na tumatalakay ng mga paksang nagpaparamdam sa kanya o sa ibang tao ng pagkadismaya o pagiging hindi kumportable, dapat niya itong talakayin sa isang nasa hustong gulang na pinagkakatiwalaan niya.
- Makipag-usap tungkol sa mga Creator o channel sa YouTube na gumagawa ng positibong epekto para sa ibang tao at pumipigil sa gawi ng pananakot.



**Magkaroon ng pampamilyang
talakayan tungkol sa mga
panuntunan at inaasahan sa
content ng video**



Kontrolin mo ang iyong pag-scroll

Ang digital wellness ay pagtiyak na hindi negatibong nakakaapekto sa ating kalusugan ng pag-iisip, kalusugang pisikal, kalusugang social, o kalusugang emosyonal ang paraan kung paano natin ginagamit ang teknolohiya. Siyempre, para sa mga bata rin iyon. Umaabot ang ating kapakanan sa lahat ng device, media, app, at higit pa sa teknolohiya - at magkakaiba ito sa bawat tao, siyempre. Kapag ginamit ang aming mga tool para i-customize ang iyong pinapatnubayang karanasan, masusuportahan nito ang mahusay na paggamit ng teknolohiya.

MGA TIP AT TOOL NA IBABAHAGI:

- Talakayin ang mga digital na panuntunan ng iyong pamilya, magtakda ng mga layunin nang magkasama, at tulungan ang anak mo na maging mas maingat sa tagal ng paggamit. Awtomatikong naka-on sa mga pinapatnubayang karanasan ang mga paalala sa pahinga at oras ng pagtulog ng YouTube.
- Hikayatin ang iyong mga anak na manood ng content na naghihikayat sa paggalaw, tulad ng mga pagsasanay sa sayaw, yoga, o martial arts, at mag-stretch break sa kanilang buong oras online.
- Magtakda ng maximum na bilang ng oras na gugugulin sa YouTube kada linggo at ipasuri sa kanila ang kanilang [profile sa tagal ng panonood](#) para makita kung labis ang ginugugol nilang oras online.
- I-on ang [oras na tahimik ang notification](#) para i-pause ang lahat ng tunog at pag-vibrate mula sa app sa pagitan ng mga oras na pipiliin.
- Magtakda ng [digest ng notification](#) para matanggap ang lahat ng notification nang isang beses kada araw.
- Sa pinapatnubayang karanasang ito sa YouTube, awtomatikong naka-off ang autoplay, para posibleng talakayin ng iyong pamilya kung ano ang ilang benepisyo sa hindi awtomatikong pag-play sa susunod na video? Mayroon bang anumang halimbawa ng mga pagkakataong gusto mong naka-on ang autoplay? (Hint: mga playlist ng musika!)

I-secure ang iyong mga lihim

Mahalaga ang personal na privacy at seguridad online kung paanong mahalaga ang mga ito offline. Pribado ang aktibidad sa YouTube ng iyong anak (maliban sa iyo kung magla-log in ka bilang anak mo) at ginagamit lang ito para mapaganda ang kanyang karanasan, tulad ng pagpapaalala sa kanya ng kung ano ang napanood na niya, at pagbibigay sa kanya ng mga mas nauugnay na rekomendasyon at resulta ng paghahanap.



MGA TIP AT TOOL NA IBABAHAGI:

- Turuan ang iyong mga anak tungkol sa [mga tool](#) na available para i-pause, i-clear, at tingnan ang kanilang history ng panonood at paghahanap.
- Kapag gumagawa ng account, tiyaking tulungan silang magtakda ng secure na password.
 - Gawin itong madaling tandaan, pero iwasan ang paggamit ng personal na impormasyon tulad ng mga pangalan o kaarawan.
 - Gumamit ng kumbinasyon ng mga malaking titik, maliit na titik, simbolo, at numero.
 - P4lit@n 4ng mg4 titik ng mg4 slmb0l0 at n^m3r0 tu1@d Nit0
 - Huwag gamitin ang iisang password sa maraming site.

Mag-ingat sa mga binabahagi

Mabilis at madaling maibahagi ang mga online na video, at sa kanilang pagkasabik ay posibleng mailagay ang mga bata sa mahihirap na sitwasyon batay sa kanilang gawi ng pagbabahagi. Ang isang batang nasa isang sinusubaybayang account ay puwedeng gumamit ng mga tool sa paggawa ng video, pero naka-lock bilang pribado ang mga video, ibig sabihin ay hindi niya ito magagawang pampubliko sa YouTube. Gayunpaman, mada-download niya ang kanyang mga video sa kanyang device o makokopya niya ang URL ng isang video na napanood niya sa YouTube at maibabahagi niya ito sa iba sa labas ng platform (hal., sa pamamagitan ng social media, text message, o email).

MGA TIP AT TOOL NA IBABAHAGI:

- Ituring ang mga video na parang harapang pakikipag-ugnayan; kung hindi ito tamang sabihin, hindi ito tamang ibahagi sa ibang tao.
- Magkaroon ng pampamilyang talakayan tungkol sa mga alituntunin sa pagbabahagi. Pinapayagan ba ito? Sa pamamagitan ng aling mga app? Kanino ka pinapayagang magbahagi?
- Tandaang posibleng kasingsama ng pagbabahagi ng mga mapoot o mapaminsalang video ang paggawa ng mga ito. Maging mas maingat para hindi makadagdag sa cyberbullying sa pamamagitan ng pagbabahagi ng bagay na masama o hindi totoo.

GLOSSARY

Clickbait:

Ang pag-post ng publisher ng sadyang exaggerated o nakakapanlinlang na headline na naghihikayat sa mga tao na mag-click papunta sa kanyang webpage o video.

Mga conspiracy theory:

Mga imbentong paliwanag para sa mga pangyayari na iniugnay nang hindi nararapat sa mga grupo o indibidwal. Kadalasang ginagamit ang mga ito para maghikayat ng pang-aabuso o pagkapoot sa tina-target na grupo.

Mga filter bubble:

Nagrerekomenda ng content sa mga user batay sa nakaraang history ng paghahanap at pakikipag-ugnayan sa internet. Sa paglipas ng panahon, posibleng magkaroon ng agwat ang mga user sa anumang pananaw o interes na hindi gaya ng kanila. Kapag tumagal, malilimitahan nito ang pag-unawa ng mga tao sa mga kumplikadong paksa o kaganapan, at mababawasan ang pagmamalasakit at pag-uusap sa pagitan ng magkakaibang grupo.

Pag-uulat (kilala rin bilang “pag-flag”):

Sa pamamagitan ng pag-click sa icon na flag sa ibaba ng isang video sa YouTube, maiuulat ng mga user ang video sa mga moderator ng YouTube para masuri ito. Susuriin ng mga moderator ang video alinsunod sa Mga Alituntunin ng Komunidad ng YouTube at tutukuyin nila kung naaangkop ito para sa platform.

Pag-dismiss:

Kung makakita ka ng video na ayaw mo nang makita ulit, puwede mo itong i-dismiss sa pamamagitan ng pag-click sa “hindi interesado” sa menu na tatlong tuldok sa ibaba ng video. Hindi na ulit irekomenda sa iyo ang video na ito.

Thumbnail:

Ang mga thumbnail ay maliliit na larawang preview para sa bawat video, na nagbibigay ng mabilisang snapshot ng bawat content sa mga manonood habang nagba-browse sila sa YouTube.

Machine Learning:

Pagpoproseso ng maraming data o impormasyon para tulungang mapabuti ang mga desisyon at rekomendasyon sa hinaharap.

GINAWA SA PAKIKIPAGTULUNGAN SA

**Be
Internet
Awesome.**

 **parentzone**
The experts in digital family life

**National
PTA**
everychild.onevoice.



JESSICA PIOTROWSKI,
PHD & DIRECTOR OF
CENTER FOR RESEARCH ON
CHILDREN, ADOLESCENTS,
AND THE MEDIA

ELLEN SELKIE,
MD, MPH,
PEDIATRICIAN